COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-18 ng Setyembre, 2023

MARTES ANG HULING ARAW PARA IBALIK ANG BALOTANG PANGKOREO PARA SA ESPESYAL NA ELEKSYON NG DISTRITO NG FALLBROOK UNION HIGH SCHOOL

Martes, Ika-19 ng Setyembre ang huling araw para ibalik ang inyong balotang pangkoreo para sa Espesyal na Eleksyon sa Distrito ng Fallbrook Union High School.

Kung kayo ay nakatira sa distrito at nasa inyo pa ang inyong balota, kumilos na ngayon at bumoto nang maginhawa mula sa inyong tahanan. Pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan, i-seal ang inyong balota sa loob at ibalik ito sa pamamagitan ng koreo – hindi kinakailangan ng selyo – o sa isa sa mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro na nakalista sa ibaba. Kung inyong ida-drop off ang inyong balota, dapat itong maisauli bago mag ika-8 ng gabi sa Ika-19 ng Setyembre.

Mga Lokasyon ng Official Ballot Drop Box	Mga Oras ng Operasyon
Fallbrook Branch Library 124 S Mission Rd Fallbrook - 92028	Bukas nang 24 oras araw-araw hanggang sa ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-19 ng Setyembre
Fallbrook Regional Health District Community Health & Wellness Center 1636 E Mission Rd Fallbrook - 92028	Bukas mula ika-9 ng umaga – ika-5 ng hapon, Lunes Bukas hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon, Ika-19 ng Setyembre

Ang mga balotang ibabalik sa pamamagitan ng koreo ay dapat may postmark sa o bago ang Araw ng Eleksyon, Ika-19 ng Setyembre at natanggap sa opisina ng Tagapagrehistro nang hindi lalampas sa Martes, Ika-26 ng Setyembre para maikonsidera na natanggap ito nang nasa oras. Ang mga botanteng nagbalik ng kanilang balota sa pamamagitan ng U.S. Postal Service ay maaaring i-track ito sa pamamagitan ng pag-sign-up para sa "Nasaan Aking Balota?".

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-18 ng Setyembre, 2023

Ito ay eleksyon sa pagboto sa koreo, ngunit kung kailangan ninyong bumoto nang personal maaari ninyong gawin ito sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa Kearny Mesa mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, Lunes, Ika-18 ng Setyembre. Sa huling araw ng pagboto, Ika-19 ng Setyembre, ang opisina ng Tagapagrehistro ay bukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Tanging mga nakatira lamang sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyong ito. Kung kayo ay hindi pa rehistrado para makaboto at nais makilahok sa eleksyong ito, maaari kayong bumisita sa opisina ng Tagapagrehistro at magparehistro nang kondisyonal at bumoto nang probisyonal hanggang sa Ika-19 ng Setyembre.

Kapag ang rehistrasyon ng botante ay nai-proseso na at nakumpirma ng opisina ng Tagapagrehistro na ang botante ay hindi bumoto sa ibang lugar sa distrito, ang rehistrasyon ng botante ay magiging aktibo at ang probisyonal na balota ay mabibilang.

Ang taong naiboto ang siyang magpupunan ng bakanteng puwesto ng Trustee Area 1 para sa natitirang kasalukuyang termino na magtatapos sa Disyembre 2026. Tanging ang mga nakatira lamang sa distrito iyon ang maaaring bumoto sa eleksyong ito. I-check ang inyong distrito sa sdvote.com.

Sa gabi ng eleksyon, ang unang bahagi ng hindi opisyal na mga resulta sa gabi ng eleksyon ay darating kaagad makatapos ang ika-8 ng gabi. Ang update na ito ay magsasama ng mga balotang natanggap sa koreo bago ang Araw ng Eleksyon.

Pagkatapos ng unang hindi opisyal na pahayag, wala nang iba pang mga karagdagang update sa gabi ng eleksyon. Ang susunod na pagbibigay ng mga hindi opisyal na resulta ay naka-iskedyul na mai-post sa ika-5 ng hapon sa Biyernes, Ika-29 ng Setyembre. Ang mga karagdagang update ay magaganap sa diskresyon ng Tagapagrehistro ng mga Botante.

COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-18 ng Setyembre, 2023

Subalit, ang mga resulta ay dapat masertipikahan bag mag Ika-19 ng Oktubre. Para sa espesyal na eleksyong ito, ang pagsesertipika ay inaaasahang maganap sa mas maagang petsa. Lahat ng mga update ay ipo-post sa sdvote.com kasama ang pinal na mga sertipikadong resulta na ipo-post sa Ika-19 ng Oktubre.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Espesyal na Eleksyon ng Distrito ng Fallbrook Union High School Trustee Area 1 sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER

COUNTY COMMUNICATIONS OFFICE
1600 PACIFIC HIGHWAY, ROOM 208 • SAN DIEGO, CA 92101